Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-08 NG ABRIL, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 82-2020

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA PINAGTITIBAY ANG 2020 TAUNANG PAGLALAAN NG PAMAHALAANG BARANGAY NG SUMAPANG BATA NA NAKAPALOOB SA KANILANG BARANGAY APPROPRIATION ORDINANCE NO. 1 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYON, PITONG DAAN SIYAMNAPU'T ANIM NA LIBO AT LABING DALAWANG PISO (PHP3,796,012.00).**

**Akda nina: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, IGG. ENRICO C. CAPULE, IGG. FRANCISCO J. CASTRO, IGG. EDGARDO F. DOMINGO AT IGG. DENNIS D. SAN DIEGO**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** naisumite sa dakilang kapulungang ito, partikular sa Lupon sa Paglalaan at Paggugol para sa kaukulang pagrerebisa ang 2020 Taunang Paglalaan ng Barangay Sumapang Bata ng Lungsod ng Malolos batay sa kanilang pinagtibay na Barangay Appropriation Ordinance No. 1;

**SAPAGKAT,** ang nasabing 2020 Taunang Paglalaan ng Barangay Sumapang Bata ng Lungsod na ito ay nagkakahalaga ng Tatlong Milyon, Pitong Daan Siyamnapu't Anim na Libo at Labing Dalawang Piso (PHP3,796,012.00);

**SAPAGKAT,** sa nabanggit na Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng Sumapang Bata ay malinaw na naihayag ang mga programa at proyektong pagsasandigan ng mga gastusin na inakma sa lalong pagpapaigting ng paglilingkurang madla tungo sa higit na ikaiinam ng kagalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** batay sa tagubilin ng Executive Order No. 27, marapat lamang na ang PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES (PPA's) ng bawat Barangay ay naka-angkla sa National Development Goal; AMBISYON NATIN 2040 at sa 2030 Agenda for Sustainable Development (SDG's);

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 305(i) ng R.A. 7160 ang pagbalangkas ng Local Development Plans, Annual Investment Program (AIP) ay nakabatay sa Barangay Development Plan;

**SAPAGKAT,** ang Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng Sumapang Bata ay sumasang-ayon sa probisyon ng R.A. 7160 partikular sa Seksyon 325, patungkol sa pangkalahatang limitasyon sa paghahanda ng Taunang Paglalaan gaya ng paglalaan para sa 55% Personnel Services, 10% Sangguniang Kabataan (SK) Fund (Sec. 329, R.A. 7160, Sec. 20(a), R.A. No. 10742, 20% Development Fund (Section 287) (DILG-DBM Joint Memo Circular (JMC) No. 2017-1), 5% Calamity Fund, (Sec. 21 (R.A. 10121), 5% Gender and Development Fund (GAD) (R.A. 7192, R.A. 9710 at Philippine Commission on Women) 2% Discretionary Fund at 1% Senior Citizen and Persons with Disability (PWD) Fund;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160 kilala sa Taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at ang 2020 Taunang Badyet ng Barangay Sumapang Bata ay instrumento sa nasabing tadhanain ng batas;

**SAPAGKAT,** ang mabunying Sangguniang Panlungsod ay may animnapung (60) araw upang rebisahin o repasuhin ang mga paglalaang pinagtibay ng Sangguniang Barangay;

Sa kahilingan ni **IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,** na sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo na;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng ditoý ginagawang pagpapasiya na pinagtitibay ang 2020 Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng Sumapang Bata na nagkakahalaga ng Tatlong Milyon, Pitong Daan Siyamnapu't Anim na Libo at Labing Dalawang Piso (PHP3,796,012.00).

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*04082020